Pangalan: Abdul Aziz Sarmiento Level 1 – Batch 2
Paksa ng Khutbah: Ang Pagsubok
Sinuri at Iniwasto ni: Shaykh Haron M. Guro
Hunyo 30, 2024

**Unang Bahagi ng Khutbah:**

إِنَّ الحَمْدَ لِلَّهِ نَحْمَدُهُ وَنَسْتَعِينُهُ وَنَسْتَغْفِرُهُ، وَنَعُوذُ بِاللَّهِ مِنْ شُرُورِ أَنْفُسِنَا، وَمِنْ سَيِّئَاتِ أَعْمَالِنَا، مَنْ يَهْدِهِ اللهُ فَلَا مُضِلَّ لَهُ، وَمَنْ يُضْلِلِ فَلَا هَادِيَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنْ لَا إِلَهَ إِلَّا الله، وَحْدَهُ لَا شَرِيكَ لَهُ، وَأَشْهَدُ أَنَّ مُحَمَّدَا عَبْدُهُ وَرَسُولُهُ، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ وَمَنْ تَبِعَهُمْ بِإِحْسَانٍ إِلَى يَوْمِ الدِّينِ، أَمَّا بَعْد:

﴿ يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا اتَّقُوا اللَّهَ حَقَّ تُقَاتِهِ وَلَا تَمُوتُنَّ إِلَّا وَأَنتُم مُّسْلِمُونَ ﴾ سورة آل عمران: 102

"O kayong mga naniwala, matakot kayo kay Allah nang tunay na pagkatakot, at huwag kayong mamatay maliban na kayo ay mga Muslim." (Surah Alo Imran: 102)

Mga Kapatid sa pananampalatayang Islam, bilang paalala, ang buhay natin dito sa Mundo ay tanging pagsubok lamang ni Allah Subhanahu wa Ta'ala. Sinusubukan tayo ni Allah sa ating mga sarili, sa ating mga mahal sa buhay, sa ating mga ari-arian, sa ating kaalaman, at sa lahat ng ating kalagayan – mabuti man o masama. Gayundin naman sa mga biyayang ipinagkaka-loob Niya sa atin. Ang lahat ng ito ay pawang pagsubok ni Allah na dapat nating maunawaan. Ang katotohanang ito ay ipinabatid sa atin ni Allah sa Qur-an sa napakaraming Ayah; kabilang sa mga ito ang sinabi ni Allah:

﴿ وَلَنَبْلُوَنَّكُم بِشَيْءٍ مِّنَ الْخَوْفِ وَالْجُوعِ وَنَقْصٍ مِّنَ الْأَمْوَالِ وَالْأَنفُسِ وَالثَّمَرَاتِ ۗ وَبَشِّرِ الصَّابِرِينَ ﴾ سورة البقرة: 155

"At katiyakan kayo ay Aming susubukan sa mga bagay na nakakapangamba, gutom, kawalan ng yaman, buhay at mga pananim, subalit magbigay ng magandang balita para sa mga matiisin." (Surah Al-Baqarah: 155)

Kasunod ng mga pagsubok sa atin ni Allah sa pamamagitan ng mga bagay na nakakapangamba, gutom, kawalan ng yaman, buhay at mga pananim, ang magandang balita para sa mga taong nagtiis at nagtimpi para kay Allah.

Si Allah ay nagsabi:

﴿ الَّذِينَ إِذَا أَصَابَتْهُم مُّصِيبَةٌ قَالُوا إِنَّا لِلَّهِ وَإِنَّا إِلَيْهِ رَاجِعُونَ ﴾ سورة البقرة: 156

"Sila yaong nagsasabi kung sila ay nakakaranas ng kapinsalaan: "Tunay na kami ay nagmula kay Allah at tunay na kami ay muling magbabalik sa Kanya." (Surah Al-Baqarah: 156)

Ano ang mga gantimpalang ipagkakaloob sa kanila ni Allah? Si Allah ay nagsabi:

﴿ أُولَٰئِكَ عَلَيْهِمْ صَلَوَاتٌ مِّن رَّبِّهِمْ وَرَحْمَةٌ ۖ وَأُولَٰئِكَ هُمُ الْمُهْتَدُونَ ﴾ سورة البقرة: 157

"Sila ang mga tumatanggap ng Salawat (mga biyaya at kapatawaran) at Habag mula sa kanilang Panginoon at sila ang tunay na napapatnubayan." (Surah Al-Baqarah: 157)

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, huwag natin aakalain na makaliligtas tayo mula sa mga pagsubok sa kadahilang kabilang tayo sa mga mananampalataya. Alalahanin natin na ang ating pananampalataya ay kabilang sa mga pagsubok sa atin bilang mga alipin ni Allah. Si Allah ay nagsabi:

﴿ أَحَسِبَ النَّاسُ أَن يُتْرَكُوا أَن يَقُولُوا آمَنَّا وَهُمْ لَا يُفْتَنُونَ ﴾ سورة العنكبوت: 2

"Inaakala ba ng mga tao na sila ay hahayaan lamang sapagkat sila ay nagsasabi: 'Kami ay sumampalataya,' at sila ay hindi susubukan?" (Surah Al-Ankaboot: 2)

Siya rin ay nagsabi:

﴿ أَمْ حَسِبْتُمْ أَن تَدْخُلُوا الْجَنَّةَ وَلَمَّا يَأْتِكُم مَّثَلُ الَّذِينَ خَلَوْا مِن قَبْلِكُم ﴾ سورة البقرة: 214

"At kayo ba ay nag-aakala na kayo ay magsisipasok sa Paraiso nang walang anumang (pagsubok) na katulad nang dumatal sa mga nauna sa inyo?" (Surah Al-Baqarah: 214)

Katotohanan mga kapatid! Tayo ay susubukan ni Allah ayon sa antas ng ating pananampalataya. Kung gaano kataas ang antas ng ating Eeman ay gayundin kalaki ang pagsubok sa atin ni Allah. At kung gaano kalaki ang pagsubok sa atin ni Allah ay gayundin naman kalaki ang ating gantimpala. Ang Propeta (sallallahu 'alayhi wa sallam) ay nagsabi,

إِنَّ عِظَمَ الجَزَاءِ مَعَ عِظَمِ البَلَاءِ ، وَإِنَّ اللهَ إِذَا أَحَبَّ قَوْمًا اِبْتَلَاهُم. (رواه الترمذي)

"Tunay na ang bigat ng gantimpala (mula kay Allah) ay ayon sa bigat ng pagsubok. At tunay na kapag minahal ni Allah ang isang nasyon, sila ay Kanyang sinusubukan." (Inulat ni At-Tirmidhi)

أَقُولُ قَوْلِي هَذَا وَأَسْتَغْفِرُ اللهَ لِي وَلَكُمْ وَلِسَائِرِ المُسْلِمِينَ مِنْ كُلِّ ذَنْبٍ، فَاسْتَغْفِرُوهُ إِنَّهُ هُوَ الغَفُورُ الرَّحِيمُ.

**Ikalawang Bahagi ng Khutbah:**

الحَمْدُ للهِ رَبِّ العَالَمِينَ وَبِهِ نَسْتَعِين، وَالصَّلَاةُ وَالسَّلَامُ عَلَى رَسُولِ اللهِ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِين، وَبَعْد:

Mga kapatid sa pananampalatayang Islam, maging ang Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) ay dumanas ng mga matitinding pagsubok mula pa sa unang yugto ng kanyang buhay. Siya ay ipinanganak na Yatim o ulila sa ama. Nasa loob pa lang siya ng sinapupunan ng kanyang ina nang pumanaw ang kanyang ama. At anim na taung gulang pa lang siya nang pumanaw naman ang kanyang ina. Sa murang edad pa lang ay nawalan na siya ng mga magulang. Nang dahil dito ay kinupkop siya ng kanyang lolo na si Abdul-Muttalib, subalit pagkaraan ng dalawang taon ay pumanaw din ang kanyang lolo. Kaya si Abu Talib, na kanyang tiyuhin ang kumupkop naman sa kanya.

Sa panahon ng kanyang pangangaral sa Makkah, dumanas siya ng matinding pananakit, pang-aapi, pang-aalipusta, pang-iinsulto at pangungutya ng mga paganong Quraish. Subalit sa kabila ng lahat ng ito ay nanatili siyang matatag at matiisin. Pagkaraan ng ilang taon sa kasagsagan ng kanyang Da’wah ay pumanaw ang kanyang tiyuhin na si Abu Talib – ang nagtatanggol sa kanya mula sa mga pagano, at sa kaparehong taon ay pumanaw naman ang taong lubos na sumusuporta sa kanyang Da’wah – ang kanyang mahal na asawa na si Khadijah (radhiyallahu ‘anha), subalit nanatili pa rin siyang matatag at matiisin.

Isang araw nang siya ay magtungo sa Taif na malapit sa Makkah upang iparating ang Islam, sa halip na ang mga pinuno sa lugar na iyon ay makinig at tumanggap sa kanyang mensahe, siya ay pinagtawanan lamang, kinutya, at itinakwil. Habang siya ay pabalik sa Makkah, siya ay pinagbabato ng mga tao hanggang sa ang kanyang sandalyas ay nabahiran ng dugo. Nang dahil sa labis na kalungkutan, pagkapagod at mga sugat na kanyang tinamo hanggang sa kanyang ulo, siya ay nahilo at hinimatay. At nang siya ay magising, nagpakita sa kanya si Anghel Gabriel (‘alayhis-salam) na nagsasabing ipinadala sa kanya ni Allah ang Anghel ng mga bundok na nagsasabing: “Kung nais mo, O Muhammad, maaari ko silang ipitin sa dalawang bundok na ito.”

Subalit ano ang naging tugon ng Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam)? Siya ba ay gumanti ng karahasan? Hindi! Bagkus siya ay hindi gumaganti ng karahasan

kaya mas nanaig sa kanya ang habag at kapatawaran sa mga taong ito habang sinasabi, “Umaasa ako na si Allah ay maglalabas mula sa kanilang lipi ng mga taong sasamba kay Allah na hindi nagtatambal ng anuman sa Kanya.” Ilan lamang ito sa pagtitiis ng ating mahal na Propeta (sallallahu ‘alayhi wa sallam) sa mga pagsubok na dumating sa kanya na dapat nating tularan upang tayo magtagumpay sa Mundo hanggang sa kabilang-buhay. Gabayan nawa tayo ni Allah sa mga “PAGSUBOK” na dumarating sa ating buhay at panatilihing matatag sa ating pananampalataya.

عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللهَ وَمَلَائِكَتَهُ يُصَلُّونَ عَلَى النَّبِيِّ، يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا صَلُّوا عَلَيْهِ وَسَلِّمُوا تَسْلِيمًا، اللَّهُمَّ صَلِّ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا صَلَّيْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ، وَبَارِكْ عَلَى مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِ مُحَمَّدٍ كَمَا بَارَكْتَ عَلَى إِبْرَاهِيمَ وَعَلَى آلِ إِبْرَاهِيمَ فِي العَالَمِينَ إِنَّكَ حَمِيدٌ مَجِيدٌ.
اللَّهُمَّ إِنَّكَ عَفُوٌّ تُحِبُّ العَفْوَ فَاعْفُ عَنَّا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَلِوَالِدِينَا وَلِعُلَمَائِنَا وَمَشَايِخِنَا وَمَنْ أَوْصَانَا وَاسْتَوْصَانَا بِدُعَاءِ الخَيْرِ وَلِمَنْ لَهُ حَقٌّ عَلَيْنَا.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا وَاعْتِقْ رِقَابَنَا مِنَ النَّارِ.
اللَّهُمَّ اغْفِرْ لِجَمِيعِ مَوْتَى المُسْلِمِينَ الَّذِينَ شَهِدُوا لَكَ بِالوَحْدَانِيَّةِ وَلِنَبِيِّكَ بِالرِّسَالَةِ وَمَاتُوا عَلَى ذَلِكَ، اللَّهُمَّ اغْفِرْ لَهُمْ وَارْحَمْهُمْ وَعَافِهِمْ وَاعْفُ عَنْهُمْ.
اللَّهُمَّ أَصْلِحْ لَنَا دِينَنَا الَّذِي هُوَ عِصْمَةُ أَمْرِنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا دُنْيَانَا الَّتِي فِيهَا مَعَاشُنَا، وَأَصْلِحْ لَنَا آخِرَتَنَا الَّتِي إِلَيْهَا مَعَادُنَا، وَاجْعَلِ الحَيَاةَ زِيَادَةً لَنَا فِي كُلِّ خَيْرٍ، وَاجْعَلِ المَوْتَ رَاحَةً لَنَا مِنْ كُلِّ شَرٍّ.
اللَّهُمَّ انْصُرِ الإِسْلَامَ وَالمُسْلِمِينَ، وَأَذِلَّ الشِّرْكَ وَالمُشْرِكِينَ وَالمُنَافِقِينَ، وَدَمِّرْ أَعْدَاءَكَ أَعْدَاءَ الدِّينِ.
رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الآخِرَةِ حَسَنَةً وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ.
وَصَلَّى اللهُ عَلَى نَبِيِّنَا مُحَمَّدٍ وَعَلَى آلِهِ وَصَحْبِهِ أَجْمَعِينَ ...وَالحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ العَالَمِينَ.
عِبَادَ اللهِ، إِنَّ اللَّهَ يَأْمُرُ بِالْعَدْلِ وَالْإِحْسَانِ وَإِيتَاءِ ذِي الْقُرْبَىٰ وَيَنْهَىٰ عَنِ الْفَحْشَاءِ وَالْمُنكَرِ وَالْبَغْيِ يَعِظُكُمْ لَعَلَّكُمْ تَذَكَّرُونَ، فَاذْكُرُوا اللهَ العَظِيمَ يَذْكُرْكُمْ وَاشْكُرُوهُ عَلَى نِعَمِهِ يَزِدْكُمْ، وَلَذِكْرُ اللهِ أَكْبَرُ، وَاللهُ يَعْلَمُ مَا تَصْنَعُونَ.

***